



Impormasyon tungkol sa novel coronavirus (COVID-19) para sa caregivers

Natiyak ng inyong health care provider na ang inyong kapamilya ay maari nang ligtas na alagaan sa tahanan. Upang maiwasan ang pagkalat ng nakakahawang respiratory illnesses tulad ng novel coronavirus, inirerekomenda sa inyong kapamilya na **mag-self-isolate siya sa tahanan** hanggang kompleto na ang test results. Paminsan-minsan, maaring kailangang alagaan ng caregivers ang isang taong nagho-home isolation, lalo na ang mga bata, mga matatanda, o mga taong may mga komplikadong medikal na kondisyon.

Paano ko maaalagaan ang isang tao sa pinakaligtas na paraang maaari?

- Kapag maaari, dapat iwasan ng sinomang may higher risk o mas may tsansang mag-develop ng mga komplikasyon mula sa mga impeksyon na mag-alaga o lumapit sa pasyente. Kabilang dito ang mga taong mayroon nang chronic o pangmatagalang kondisyon sa kalusugan, o mas mahinang immune systems.
- Hangga't maaari, dapat limitahan ng mga taong nag-aalaga sa isang pasyente ang paglapit sa ibang mga tao, at dapat nila imonitor ang kanilang sarili para sa anumang mga palatandaan ng sakit nang 14 na araw mula noong huling lumapit sila sa pasyente.
- Mahalaga para sa pasyente at sa caregiver ang madalas na hand hygiene o ang maghugas ng kamay (tingnan ang impormasyon ukol sa hand hygiene sa susunod na pahina) habang sila'y nasa tahanan.
- Kapag kinakailangan ang direct contact (kapag kailangan humipo o humawak sa pasyente), o pangangalaga sa loob ng 2 metro:
 - dapat gawin ng pasyente ang sumusunod:
 - magsuot ng face mask (tingnan sa susunod na pahina ang mga paunawa tungkol sa paggamit ng mask)
 - sundin ang respiratory etiquette (tingnan ang information sheet tungkol sa *Self-isolating* sa tahanan)
 - dapat gawin ng caregiver ang sumusunod:
 - magsuot ng face mask
 - magsuot ng proteksyon sa mata
 - gawin kaagad ang hand hygiene o paghugas ng kamay pagkatapos na pagkatapos hipuin o hawakan ang pasyente

- Dapat iwasan ang direct contact sa body fluids, lalo na sa oral at respiratory secretions.
 - Gumamit ng disposable gloves upang maglaan ng oral o respiratory care, at kapag kailangang magtapon ng tae, ihi, at basura/waste. Ang lahat ng basura (halimbawa, tissues, wipes) ay ligtas na maitatapon sa regular na municipal garbage.
 - Gawin ang hand hygiene pagkatapos ng anumang contact sa body fluids
 - Hugasan nang 20 segundo ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig.
 - Gumamit ng disposable paper towels, kapag maaari.
 - Pero kung walang sabon at tubig, gumamit ng alcohol-based sanitizer; laging maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig pagkatapos gumamit ng toilet. Iwasan ang paghipo o paghawak sa iyong mga mata, ilong, at bibig, gamit ang mga kamay na hindi hinugasan.

Mga paunawa sa paggamit ng mask:

- Ang masks ay hindi dapat hipuin o hawakan habang ginagamit.
- Kung ang mask ay nabasa o narumihan ng fluid, dapat ito palitan kaagad.
- Ang masks ay dapat itapon sa basurahang may takip.
- Dapat isagawa kaagad ang hand hygiene pagkatapos magtapon ng mask.

Kung mayroon kayong mga katanungan, tumawag sa:

#1:

#2:
